Kumuha ng Karagdagang Tulong sa Mga Gastusin para sa Plano ng Medicare sa De-Resetang Gamot

2012

# Mga Mapagkukunan at Mga Limitasyon ng Kinikita

Ang Social Security at ang Centers for Medicare & Medicaid Services ay magkasama na nagsusumikap na mabigyan ka ng Karagdagang Tulong sa iyong mga gastusin para sa de-resetang gamot para sa planong Medicare. Kung ikaw ay mayroong limitadong mapagkukunan (resources) at kinikita (income), ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong sa mga gastusin—mga buwanang premium, taunang mga kinakaltas, at mga reseta sa co-payment—kaugnay sa isang plano ng Medicare sa de-resetang gamot. Ang Karagdagang Tulong ay tinatantiyang nagkakahalaga ng humigit-kumulang $4,000 bawat taon. Upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat, kailangang malaman ng Social Security ang halaga ng iyong mga naiipon, mga puhunan, ari-arian (maliban sa iyong bahay), at ang iyong kinikita. Kung ikaw ay kasal at kasama ang iyong asawa, kailangan namin ng impormasyon tungkol sa inyong dalawa.

Sa pamamagitan ng pag-file ng *'Application for Extra Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs'* (Form SSA-1020), tutukuyin ng Social Security kung ikaw ay karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong. Karamihan ng mga tanong sa aplikasyon ay tungkol sa mga mapagkukunan at kinikita. Walang hihinging katibayan ang Social Security para suportahan ang ibinigay mong impormasyon, ngunit itutugma nila ang iyong impormasyon sa mga datos na makukuha mula sa ibang mga ahensya ng gobyerno.

## Ano ang limitasyon ng mapagkukunan?

Upang maging karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong, ang iyong mapagkukunan ay dapat limitado sa $13,070 para sa isang indibidwal o $26,120 para sa isang mag-asawang kasalukuyang nagsasama. Kabilang sa mga mapagkukunan ang halaga ng mga bagay/gamit na iyong pag-aari. Ilan sa mga halimbawa ay:

- Lupa't ari-arian (maliban sa iyong pangunahing bahay);
- Mga account sa bangko, kabilang ang checking, savings at mga sertipikasyon ng deposito;
- Mga sapi o stocks;
- Mga bond, kabilang ang U.S Savings Bonds;
- Mga mutual fund;
- Mga Individual Retirement Account (IRA); o
- Pera sa bahay o sa kung saan man.

## Ano ang hindi kinikilala bilang isang mapagkukunan?

**Ang Social Security ay hindi kinikilala:**

- Ang iyong pangunahing bahay;
- Ang iyong personal na mga pag-aari;
- Ang iyong (mga) sasakyan;
- Mga mapagkukunan na hindi mo madaling mapalitan sa pera, tulad ng mga alahas o mga kasangkapan sa bahay;
- Mga ari-arian na kailangan mo para suportahan ang sarili, tulad ng upa sa ari-arian o lupang ginagamit mo para sa mga konsumo sa bahay;
- Mga ari-ariang hindi pang-negosyo na mahalaga sa iyong pag-suporta sa sarili;
- Mga polisa sa seguro (insurance policies);
- Mga gastusin sa pagpapalibing;
- Interes na kinita mula sa perang plano mong gamitin para sa mga gastusin sa pagpapalibing; at
- Ilang mga pera na iyong hinahawakan na hindi binibilang sa siyam na buwan, tulad ng:
  —Mga bayad o bayarin sa Retroactive Social Security o Supplemental Security Income (SSI);
  —Mga tulong sa pagpapabahay;
  —Mga naunang bayad na buwis (tax advances) at mga balik-bayad (refund) na kaugnay sa nakuhang mga kredito sa income tax at mga kredito sa child tax;
  —Kompensasyon o bayad na iyong natanggap bilang isang biktima ng krimen; at
  —Tulong sa relokasyon mula sa Estado o lokal na gobyerno.

Dapat mong tawagan ang Social Security para sa ibang mga bukod na mapagkukunan.

## Ano ang limitasyon ng kinikita?

Upang maging karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong, ang iyong taunang kinikita ay dapat limitado sa $16,755 para sa isang indibidwal o $22,695 para sa isang mag-asawang kasalukuyang nagsasama. Kahit na ang iyong taunang kinikita ay mas mataas, ikaw ay maaari pa ring makakuha ng tulong. Kabilang sa ilang mga halimbawa kung saan ang iyong kinikita ay maaaring mas mataas, kung ikaw o ang iyong asawa ay:

(kabila)

- Nagsusuporta sa ibang mga miyembro ng pamilya na nakatira sa inyo;
- Mayroong mga kinikita mula sa trabaho; o
- Naninirahan sa Alaska o Hawaii.

## Ano ang hindi kinikilala bilang isang kinikita?

Hindi lahat ng natatanggap na pera ay kinikilala bilang kinikita. Halimbawa, **ang Social Security ay hindi kinikalala ang**:

- Mga tulong sa 'food stamp';
- Mga tulong sa pagpapabahay;
- Mga tulong sa enerhiya sa bahay;
- Medikal na paggamot at mga gamot;
- Mga tulong sa panahon ng sakuna;
- Nakuhang kredito sa mga bayad sa income tax;
- Tulong mula sa iba upang bayaran ang iyong mga gastusin sa bahay;
- Mga bayad sa kompensasyon sa biktima; at
- Mga scholarship at mga pagkaloob sa edukasyon.

Dapat mong tawagan ang Social Security para sa iba pang mga bukod na kinikita.

## Paano ako mag-a-apply?

Madali lamang mag-apply para sa Karagdagang Tulong. Kumpletuhin lamang ang *'Application for Extra Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs'* (Form SSA-1020) ng Social Security. Ganito kung paano:

- Mag-apply online sa ***www.socialsecurity.gov/extrahelp***;
- Tumawag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) upang mag-apply sa pamamagitan ng telepono o humiling ng isang aplikasyon, o
- Mag-apply sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security.

## Maaari bang tumulong ang mga ahensya ng Estado sa aking mga gastusin sa Medicare?

Kapag ikaw ay magpa-file ng iyong aplikasyon para sa Karagdagang Tulong, maaari mo ring simulan ang pagproseso ng iyong aplikasyon para sa mga Medicare Savings Program—mga programa ng Estado na nagbibigay ng tulong kasama ang ibang mga gastusin sa Medicare. Ang Social Security ay magpapadala ng impormasyon sa iyong Estado maliban lamang kung sabihin mo sa iyong aplikasyon na huwag magpadala ng impormasyon sa Karagdagang Tulong. Tatawagan ka ng iyong Estado upang tulungan kang mag-apply para sa Medicare Savings Program.

Ang mga Medicare Savings Program na ito ay tumutulong sa mga taong may limitadong mapagkukunan at kinikita na makabayad sa kanilang mga gastusin sa Medicare. Ang mga Medicare Savings Program ay tumutulong na bayaran ang iyong mga premium para sa Medicare Part-B (medikal na seguro). Para sa ibang mga tao, ang mga Medicare Savings Program ay maaari ring magbayad sa mga premium para sa Medicare Part-A (ospital na seguro), kung mayroon man, at mga aawasin at mga co-payment sa Part-A at B.

## Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkukuha ng Karagdagang Tulong sa mga gastusin para sa de-resetang gamot sa planong Medicare, bumisita sa ***www.socialsecurity.gov/extrahelp*** o tumawag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**). Ang mga kinatawan ng Social Security ay palaging naririyan upang tulungan kang makumpleto ang iyong aplikasyon. Sa lalong madaling panahon na ikaw ay makapag-apply, mas mabilis na ikaw ay makatatanggap ng mga benepisyo.

Kung kailangan mo ng impormasyon tungkol sa mga Medicare Savings Program, ang mga plano ng Medicare sa de-resetang gamot, kung paano mag-enrol sa isang plano, o humiling ng isang kopya ng libreto ng *'Medicare & You'*, mangyaring bumisita sa ***www.medicare.gov*** o tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**; TTY **1-877-486-2048**). Ang iyong State Health Insurance Counseling Program (SHIP) ay maaari ring makatulong sagutin ang mga katanungan hinggil sa Medicare. Maaari mong mahanap ang matatawagang impormasyon ng iyong lokal na SHIP sa likod ng iyong libreto sa Medicare, sa online sa ***www.medicare.gov*** sa ilalim ng "Help & Support," o maaari kang humiling nito kapag ikaw ay tumawag.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10115-TL
Getting Extra Help With Medicare Prescription Drug Plan Costs: Resource And Income Limits (Tagalog)
March 2012